# BATAS *sa* MGA KARAPATAN NG BOTANTE

## IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN

1. **Ang karapatang bumoto kung isa kang rehistradong botante.** Kwalipikado kang bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi bababa sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal na pamahalaan dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Ang karapatang bumoto kung isa kang rehistradong botante kahit na wala sa listahan ang iyong pangalan.** Boboto ka gamit ang isang pansamantalang balota. Mabibilang ang iyong boto kung nagpasiya ang mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kang bumoto.
3. **Ang karapatang bumoto kapag nasa linya ka pa rin pagkatapos magsara ng mga botohan.**
4. **Ang karapatang magpatala ng lihim na balota** nang walang umaabala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung paano bumoto.
5. **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong: **Humingi sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng bagong balota, **Ipapalit ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** para sa bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**
6. **Ang karapatang makakuha ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang piliin mo, maliban sa iyong employer o sa kinatawan ng iyong unyon.
7. **Ang karapatang ihulog ang iyong nakumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Ang karapatang makakuha ng mga materyal sa halalan sa wikang iba pa sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto sa pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Ang karapatang makapagtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga proseso ng halalan** at mapanood ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlokong aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

### ESPESYAL NA PAUNAWA

- Nakabukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa araw na tinukoy sa nakapaskil na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.
- Ang mga partikular na tagubilin sa kung paano bumoto, kasama ang paano magpatala ng pansamantalang balota, ay maaaring makuha mula sa manggagawa sa botohan o sa pamamagitan ng pagbabasa ng impormasyong ipinadala sa iyo ng iyong lokal na opisyal ng mga halalan.
- Kung isa kang bagong rehistradong botante, maaaring hilingin sa iyo na magbigay ng naaangkop na pagkakakilanlan o iba pang dokumentasyon ayon sa pederal na batas. Pero mangyaring tandaan na ang bawat indibidwal ay may karapatang magpatala ng pansamantalang balota kahit hindi niya ibigay ang dokumentasyon.
- Labag sa batas na ikatawan ang iyong sarili bilang kwalipikadong bumoto maliban kung natutugunan mo ang lahat ng kinakailangan para bumoto sa ilalim ng pederal at pang-estadong batas.
- Labag sa batas na pakialamanan ang kagamitan sa pagboto.

**Kung sa tingin mo ay ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatang ito,** tawagan ang kumpidensyal na walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683).

Sa web sa **www.sos.ca.gov**

Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 345-VOTE (8683)**

Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**